

## Independyenteng Tagapagbigay ng Serbisyo sa Pagdaragdag

### Proseso para sa kasalukuyang mga tagapagbigay ng DD

Kapag ang isang kalahok ay lumipat sa isang bagong Medicaid HCBS DD waiver, ang lahat ng kanilang mga serbisyo ay bago. Ang independyenteng tagapagbigay ay kailangang kumpletuhin ang proseso ng pagpapatala bago sila pahintulatang magbigay ng mga serbisyo. **Ang independyenteng tagapagbigay ay kailangang makapagpatala para sa bagong mga serbisyo kapag ang kalahok na kanilang nakatrabaho ay nagbago ng mga waiver. Sa petsa ng pagbabago ng kalahok sa kanilang bagong waiver ang lahat ng mga pahintulot ng serbisyo ay magsasara para sa mga lumang serbisyo.**

#### Pumili ang Kalahok ng mga Bagong Serbisyo

- Tinatalakay ng Koordinator ng Serbisyo o Service Coordinator (SC) ng kalahok ang mga kinakailangan ng independyenteng tagapagbigay para sa mga bagong serbisyo na pipiliin ng kalahok.
- Kukumpletuhin ng SC ang bahagi ng ahensiya ng referral at ipadadala ang referral sa kalahok o sa kanilang tagapag-alaga.
- Ang kalahok, tagapag-alaga, o independyenteng tagapagbigay ay kukumpleto ng kanilang bahagi at ini-email ito sa DD Central Office sa [dhhs.ddproviderreferrals@nebraska.gov](mailto:dhhs.ddproviderreferrals@nebraska.gov).
- Ang independyenteng tagapagbigay ay kukumpleto sa mga kinakailangan ng bagong serbisyo, gaya ng nakasaad sa [Provider Bulletin 17-07](#).

#### Nakipag-ugnayan ang mga Kawani ng DD Central Office sa Maximus

- Ipinapadala ng DD Central Office ang kumpletong referral sa Maximus upang maaprubahan ang independyenteng tagapagbigay para sa mga bagong serbisyo.
- Nagpapadala ng email ang Maximus sa independyenteng tagapagbigay ng mga tagubilin kung paano kumpletuhin ang Medicaid provider enrollment sa Maximus portal.

#### Ina-update ng Tagapagbigay ang Pagpapatala sa Maximus

- Kukumpletuhin ng independyenteng tagapagbigay ang pagpapatala sa Maximus.
  - **Ang pagpapatala sa Maximus ay kailangang kumpletuhin nang buo sa pamamagitan ng muling pagsave ng bawat pahina ng pagpaparehistro ng serbisyo.**
  - Ang Maximus portal ay matatagpuan sa: [www.nebraskamedicaidproviderenrollment.com](http://www.nebraskamedicaidproviderenrollment.com)
  - Ang pagpapatala ay kailangang kumpletuhin gamit ang isang kompyuter. Ang Maximus portal ay hindi ma-access gamit ang cell phone o tablet.
- Hinihintay ng independyenteng tagapagbigay ang abiso mula sa Maximus na sila ay naaprubahan para sa mga bagong serbisyo.
- **Kapag ang tagapagbigay ay may anumang mga tanong tungkol sa katayuan ng kanilang pagpapatala, dapat silang makipag-ugnayan nang direkta kay Maximus sa kanilang toll-free na numero (844) 374-5022.**

#### Ang Tagapagbigay ay Inaprubahan para sa mga Bagong Serbisyo

- Ini-email ni Maximus ang DD Central Office at ang independyenteng tagapagbigay kapag naaprubahan ang pagpapatala.
- Ipinapaalam ng DD Central Office sa SC ng kalahok na ang tagapagbigay ay naaprubahan.
- Kukumpletuhin ng SC ang pagpapahintulot ng serbisyo para sa mga bagong serbisyo.
- Kinikilala ng tagapagbigay ang pagpapahintulot sa serbisyo, pagkatapos ay maaaring magsimulang magbigay ang tagapagbigay ng mga bagong serbisyo sa kalahok.